REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 91-233

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGPAPALIT NG PANGALAN NG MUNTINLUPA MUNICIPAL HIGH SCHOOL SA PANGALANG PEDRO E. DIAZ HIGH SCHOOL.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, nararapat lamang na bigyan ng pagkilala at parangal ang mga taong nagkaloob ng kanilang talino't buhay para sa kapakanan ng bayan;

SAPAGKAT, ang yumaong dating Punong Bayan ng Muntinlupa, ang Kagalang-galang Pedro E. Diaz ay naglingkod ng buong katapatan at kahusayan sa bayan hanggang sa pagbubuwis nito ng buhay huwag lang pasakop sa mga dayuhang kaaway na kumitil sa demokrasyang tinatamasa ng bansa;

SAPAGKAT, ang kabayanihan ni dating Punong Bayan Diaz noong panahon ng ikalawang digmaang pandaigdig ay hindi dapat mawalay sa kaisipan ng mga mamamayan ng Muntinlupa lalo na ng mga kabataan dahil ito ang inugit sa bawat puso ninuman na mahalin ang bayan at pangalagaan ang tinatamasang kalayaan ng Inang-Bayan;

SAPAGKAT, ang yumaong dating Punong Bayan ay matibay na huwaran ng isang tunay na lingkod-bayan na dapat pamarisan;

SAPAGKAT, ang Pedro E. Diaz High School ang magsisilbing bantayog at alaala sa kadakilaan at kabayanihan ng yumaong dating Punong Bayan Kgg. Pedro E. Diaz;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad ng pagpapalit ng pangalan ng Muntinlupa Municipal High School sa pangalang Pedro E. Diaz High School.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 181st regular na pulong na ginanap ngayong ika2 ng Disyembre, 1991 sa Bulwagan ng Peoples Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO Q. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

Peter B. Salonga
Pambayang Kalihim

PBS/vts